“Pagbubong”

Ang mga importanteng payo para sa kaligtasan at kalusugan

Disk grinder

(1) Tatlong prinsipyo sa paggamit ng grindstones

Ang grindstone ay may substabsiya na maaaring mabasag. Ang tatlong prinsipyo sa paggamit ng grindstones ”**Huwag pagulungin, huwag ihulog, huwag itama**” ay importante sa paggamit ng grindstones.

Tatlong prinsipyo sa paggamit ng grindstones



Huwag pagulungin



Huwag ihulog



Huwag itama

(2) Ang pagsisiyasat sa itsura at ang pagsubok sa pagpalo ng grindstones



Mga bagay na susundan

1. Magsagawa ng pagsisiyasat at ang pagsubok sa pagpalo ng grindstones sa mga biyak, tapyas, gasgas, pag-iiba ng hugis, atbp.
2. Ikabit ang takip ng grindstone at gamitin ang disk grinder.
3. Tiyakin nating maayos na nakapirmi ang bagay na ipoproseso.
4. Panatilihin ang iyong katawan, mga kamay, mga daliri, mga paa, atbp. ay hindi madidikit sa umiikot na grindstone.
5. Huwag tanggalin ang hawakan sa gilid.

(3) Pagsubok na pagpapaandar at natatangin edukasyon sa grindstone

Mga bagay na susundan

1. Ang pagpalit ng grindstones at pagsubok na paganahin sa oras ng pagpapalit ay isinasagawa ng taong nakatanggap ng natatanging edukasyon sa kaligtasan at kalusugan.
2. Tiyaking magsagawa ng pagsubok na pagpapagana ng grindstone.
   i Isang minuto o higit pa bago simulan ang trabaho.
   ii Tatlong minuto o higit pa kapag pinalitan ang grindstone.
3. Tiyaking ang “maximum allowable speed” at “dimensions” na lumilitaw sa grindstone ay tumutugma sa makina.

(4) Ang pagsuot ng pampersonal na pamproteksyong kagamitan (mga pamproteksyon sa mata, respirator laban sa alikabok)



Walang pamproteksiyon sa mata

Labag sa mga tuntunin

Mga bagay na susundan

1. Gumamit tayo ng mga pamproteksiyon sa mata.
2. Para sa maalikabok na mga trabaho, gumamit ng respirator laban sa alikabok.
3. Gumamit ng mga aparatong pamprotekta ng tainga tulad ng mga earplug kapag nagtatrabaho sa maingay na kapaligiran.

(5) Pang-iwas sa mga pinsalang dulot ng pagsabog ng grindstone

Mga bagay na susundan

1. Gamitin ang naaangkop sa klase at katangian na inilalarawan sa label at sa talaan ng pag-inspeksiyon na nakakabit sa grindstone.
2. Mahigpit na ipinagbabawal na gamitin ang ibang ibabaw maliban sa tinukoy na ibabaw sa bawat hugis ng grindstone.

(6) Iwasan ang mga pinsala dulot ng pagkakasagi, pagkakasabit-sabit, pagkakuryente, atbp.



Mga bagay na susundan

1. Tiyaking ang grindstone ay ganap na huminto bago ito ilapag sa lamesa.
2. Ang grindstone ay kailangang gamitin sa anggulong nasa 30 degrees sa pahalang na plane.
3. Kapag ang grindstone ay bago, hilain ang diskgrinder kapag nagkikiskis.
4. Takpang mabuti ang mga parteng konektado sa kuryente para maiwasan ang pagkakuryente.
5. Mag-ingat sa pagtagas ng tubig mula sa grindstone.
6. Ihinto ang pagtatrabaho kapag umuulan.

(7) Huwag kailan mang aalisin ang pamproteksiyong takip!

Labag sa mga tuntunin

Magpalit sa bilog na saw blade

Ang dalas ng ikot ay labis na napakataas: napakapanganib

Labag sa mga tuntunin

Pagtanggal ng takip ng grindstone



1. Huwag magkakabit ng bilog na saw blade.
2. Huwag kailan mang tatanggalin ang takip ng grindstone.

(8) Pagpapalit ng grindstone (tanggalin sa saksakan ng kuryente)



Mga bagay na susundan

1. Tanggalin ang saksakan sa kuryente kapag nagpapalit ng grindstones.
2. Gamitin natin ang aksesoryang kagamitang para magkabit at magtanggal ng grindstone.
3. Higpitan nang tama ang pamproteksyon na takip ng grindstone.